



METROPOLITAN
TRANSPORTATION
COMMISSION

Bay Area Metro Center
375 Beale Street, Suite 800
San Francisco, CA 94105-2066
TEL 415.778.6757
E-MAIL info@mtc.ca.gov
WEB www.mtc.ca.gov

NEWS RELEASE

Para sa Agarang Pagpapalabas

Kontak: Leslie Lara-Enríquez
John Goodwin

415.778.5258
415.778.5262

Ginagawa ng Clipper® START ang Bay Area Transit na Mas Abot-kaya para sa Mas Maraming Sumasakay na may Mababang-kita

Sumali ang VTA sa Pilot Program, 50 Porsiyentong Diskwento sa lahat ng Ahensiya

SAN FRANCISCO, Enero 2, 2024 . . . Ipinahayag ngayon ng Metropolitan Transportation Commission (MTC) at mga ahensiya ng transit sa Bay Area ang pagpapalawak ng Clipper® START pilot program — na nagkakaloob ng mga diskwento sa mga pamasaha sa transit para sa mga may mababang-kita na nasa hustong gulang na may edad 19 hanggang 64 — kasama ang mga bus at light-rail na tren ng VTA at isinama ang pare-parehong 50 porsiyento para sa mga sasakay sa lahat ng sistema na tumatanggap ng Clipper sa pagbabayad ng pamasaha.

Pinalawig ng MTC at mga ahensiya ng transit noong nakaraang tag-araw ang pilot ng Clipper START hanggang Hunyo 30, 2025. Ang pagdagdag ng VTA sa pilot at ang paglipat sa panlahatan na 50 porsiyentong diskwento mula sa dating hanay ng diskwento na 20 porsiyento hanggang 50 porsiyento ay inaasahang magpapalakas sa paggamit ng kard ng Clipper START.

Nagsimula noong Hunyo 2020 ang Clipper START bilang 18-buwan na pilot program ng MTC at ng apat na ahensiya ng transit upang mabawasan ang gastos sa transportasyon para sa mga nasa hustong gulang kung saan ang mga kita ng sambahayan ay hindi hihigit nang dalawang beses sa pederal na antas ng kahirapan (kasalukuyang \$60,000 para sa isang pamilya ng apat). Maaaring ang diskwento ay isang mahalagang benepisyo, sa dahilang ang mga gastos sa transportasyon ay isang malaking pasanin sa maraming sambahayan. Ang karagdagang 17 ahensiya ng transit ay sumali sa pilot ng Clipper START noong huling bahagi ng 2020 at unang bahagi ng 2021, at ang panahon ng pilot ay napalawig na ngayon nang dalawang beses.

“Ang pagsali sa programang Clipper START ay isa pang hakbang sa pangako ng VTA para sa kapakanan ng ating komunidad,” ang sinabi ni Carolyn Gonot na General Manager/CEO ng

VTA. “Sa pamamagitan ng pag-aalok mitón opsyon na mas mababa ang halaga, nagkakaloob kami sa mga sumasakay sa buong Santa Clara County ng pinabuting akses sa pampublikong transportasyon para maghatid patungo sa kanilang mga trabaho, paaralan, at iba pang mahahalagang destinasyon.”

“Ang Clipper START ay isang mahalagang kasangkapan na tumutulong sa paglapit ng agwat tungo sa mas abot-kayang pagsakay sa transit para sa mga higit na nangangailangan ng ganoong akses,” ayon kay Andrew Fremier na Executive Director ng MTC. “Ang pagpapatibay ng mga ahensiya ng transit sa blangket na 50 porsiyentong diskwento ay nagpapamalas ng pagiging seryoso ng mga ito tungkol sa pagkakaroon nang mas pantay-pantay na transportasyon para sa mas maraming tao sa buong Bay Area.”

Pinatibay ng General Manager ng BART na si Bob Powers ang puntong ito. “Ikinararangal ng BART na maging bahagi ng pinagkaisang pagsisikap na ito para mag-alok sa mga sumasakay na may mababang kita ang pagkakaroon ng higit pang kamalayan sa halaga ng pamasaha at upang lumikha ng mas konektadong mga komunidad. Hinihikayat namin ang mga karapat-dapat na sumasakay na ng BART na samantalain ang pagkakataon, at inaasahan naming makilala ang mga bagong sumasakay na nakikita ang bawas na pamasaha bilang isang mas abot-kayang paraan ng paglalakbay.”

Maaaring gamitin ng mga kwalipikadong kustomer ang Clipper START para sa 50 porsiyento sa paglalakbay sa:

- SFMTA (Muni)
- BART
- AC Transit
- VTA
- Caltrain
- SamTrans
- Golden Gate Transit and Ferry
- San Francisco Bay Ferry
- County Connection

Ginagawa ng Clipper® START ang Bay Area Transit na Mas Abot-kaya para sa Mas Maraming Sumasakay na may Mababang-kita
Pahina 3

- Dumbarton Express
- FAST
- Marin Transit
- Petaluma Transit
- Santa Rosa CityBus
- SMART
- Soltrans
- Sonoma County Transit
- Tri Delta Transit
- Union City Transit
- Vacaville City Coach
- VINE
- WestCAT
- Wheels

Ang MTC ay ang ahensiya sa pagpapalano, pagpopondo at koordinasyon sa larangan ng transportasyon para sa siyam na county sa San Francisco Bay Area. Pinapatakbo ng Commission ang sistema ng pagbabayad sa transit-fare ng Clipper sa ngalan ng mga ahensiya ng transit sa rehiyon. Hinihikayat ng MTC at mga partner nitong mga ahensiya ng transit ang mga residente na mag-aplay na ngayon para sa Clipper START. Ang higit pang impormasyon tungkol sa programa, mga kwalipikasyon at magagamit na diskwento ay makukuha sa clipperstartcard.com.

###

Metropolitan Transportation Commission. Bay Area Metro Center: 375 Beale Street, Suite 800, San Francisco, CA 94105-2066. Telepono: (415) 778-6757. TDD/TTY Phone: (415) 778-6769. Fax: (415) 536-9800. Email: info@bayareametro.gov. Web: mtc.ca.gov.